


Paraan ng Pagtatapon para sa Basurang Galing sa Bahay

Limang bagay na dapat tandaan kapag nagtatapon ng basurang galing sa bahay

Blg. 1 Itali nang mahigpit ang iyong mga bag ng basura!




Blg. 2 Alisin ang hangin mula sa iyong mga bag ng basura!




Blg. 3 Alisin ang likido mula sa mga tirang pagkain!



Blg. 4 Gumawa ng mas kaunting basurang galing sa bahay!



Blg. 5 Sundin ang mga tuntunin sa pag-uuri ng basura!



Paano itapon ang mga mask at tisyu na ginamit ng mga taong mayroon o maaring mayroong COVID-19

(1) Maglagay ng bag ng basura sa iyong lata ng basura, at subukang huwag itong punuin nang sobra!



(2) Alisin ang hangin mula sa bag ng basura at itali ito nang mahigpit!



(3) Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon pagkatapos mong ilabas ang basura!



Mangyaring sundin ang mga tuntuning ito upang protektahan ang iyong pamilya at ang mga taong humahawak ng basura.

Mga Tuntunin sa Pagtatapon ng mga Nareresiklo at Basura

01

Mangyaring itapon ang iyong mga nareresiklo at basura bago sumapit ang 8:30 a.m. sa nakatakdang araw sa nakatalagang lugar ng pagkolekta.

Huwag itong gawin sa gabi bago ang araw na iyon!



02

Mangyaring uriin nang tama ang iyong basura sa mga bag na nakatalaga para sa mga nareresiklo, nasusunog na basura, at hindi nasusunog na basura. Itali nang mahigpit ang mga ito bago itapon ang mga ito.


Maaaring magtapon ang bawat sambahayan ng hanggang tatlong bag.



03

Kung may net, mangyaring ilagay ito nang maayos sa ibabaw ng iyong basura.


Hindi maaaring itapon sa mga lugar ng pagkolekta ang basurang nalikha ng mga negosyo at tindahan.



Mga kahilingan mula kina Bin-chan at Kan-chan



Nareresiklo rin ang mga sisidlang plastik, pampakete, at mga boteng PET. Mareresiklo ang mga ito at ginagawang mga bagong damit at stationery.



Nareresiklo ang papel na mas malaki kaysa laki ng isang business card. Ilagay ito sa isang papel na bag o ibalot ito sa isang malaking piraso ng papel at itapon ito bilang isang nareresiklong item.

